

# Alamin Ang Mga Karapatan Mo

Nakatuon ang mga tauhan na miyembro ng DSHS sa de-kalidad na serbisyo. Inaasahan namin ang tauhan at mga taong pinagsisilbihan namin na igalang ang isa't isa.

## Mayroon kang karapatan na:

- Mapakitunguhan sa paraang maayos, patas, at magalang.
- Makakuha ng impormasyon tungkol sa lahat ng programa at serbisyong maaaring makatulong sa iyo.
- Magsumite ng aplikasyon sa saanmang DSHS Community Services Office (Tanggapan ng mga Serbisyong Pangkomunidad ng DSHS), online sa [washingtonconnection.org](http://washingtonconnection.org) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 877-501-2233 sa mga karaniwang oras ng negosyo.
- Matulungan nang personal, sa pamamagitan ng telepono o sa pamamagitan ng paggawa ng appointment.
- Mapaliwanagan ng isang tao kung paano ka makakapagsumite ng aplikasyon para sa mga benepisyo.
- Makatanggap ng aplikasyon kapag humiling ka nito.
- Makakuha ng tulong na mapunan ang iyong aplikasyon at iba pang form.
- Magsumite ng aplikasyon nang hindi ka sinasabihang bawal o hindi ka dapat magsumite ng aplikasyon.
- Magsumite ng aplikasyon sa mga oras ng opisina sa mismong araw kung kailan mo ito nakumpleto.
- Magsumite ng aplikasyon na may kulang na ilang impormasyon. Dapat ay makita sa aplikasyon kahit man lang ang iyong pangalan, address at lagda para matanggap ito.
- Makatanggap kaagad ng tulong mula sa isang interpreter kapag hiniling o kailangan mo.
- Magkaroon ng access sa mga kinakailangang dokumento sa wikang naiintindihan mo.
- Mabigyan ng mga bagay na maaaring kailanganin para sa isang interview.
- Makakuha ng tulong mula sa DSHS na mahanap ang kailangang impormasyon para ma-verify ang pagiging kwalipikado.
- Magkaroon ng interview sa telepono kung pipiliin mong hindi pumunta sa opisina.
- Makatanggap ng nakasulat na abiso tungkol sa iyong mga benepisyo.
- Makita ang mga panuntunan ng kagawaran.
- Makita ang impormasyon tungkol sa sarili mo sa iyong file ng kaso.
- Makakuha ng tulong sa proseso ng reklamo kung maramdaman mong hindi ka patas na pinakitunguhan.
- Magkaroon ng pagdinig kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang aksyong isinagawa sa iyong kaso.

## Kung magsusumite ka ng aplikasyon para sa mga benepisyo ng Basic Food (Pangunahing Pagkain), mayroon ka ring karapatan na:

- Masabihan tungkol sa pinabilis na serbisyo.
- Makuha ang iyong pinabilis na Basic Food (Pangunahing Pagkain) sa loob ng pitong araw o mas maaga.
- Makatanggap ng mga benepisyo ng Basic Food (Pangunahing Pagkain) (o maabisuhan kung hindi ka kwalipikado para sa programa) sa loob ng 30 araw pagkatapos mong maisumite ang iyong aplikasyon.
- Malaman kung kwalipikado ka pa rin para sa tulong sa pagkain pagkatapos magwakas ng tulong na pera.



## Maaari ka ring makakuha ng tulong mula sa:

- 211 Washington online sa [www.211.org](http://www.211.org) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 211.

***Kung sa palagay mo ay hindi ka patas na pinakitunguhan at hindi mo maresolba ang isyu sa iyong manggagawa, humiling na makipag-usap sa isang supervisor.***

Para tingnan ang poster na ito sa iyong telepono, i-scan ang QR code.

